# Malapit na ang Deadline na Marso 31 para Mag-apply para sa Mga Programa ng Tulong sa Maraming Sakuna

**Release Date: Marso 25, 2025**

**LOS ANGELES** – Marso 31 ang huling araw para mag-apply o magsumite ng impormasyon para sa maraming mahahalagang programa ng tulong sa sakuna para sa mga indibidwal na apektado ng Malalaking Sunog sa Los Angeles.

**Mag-apply para sa Indibidwal na Tulong ng FEMA:**

- Mag-online sa DisasterAssistance.gov.
- Sa FEMA App.
- Sa pamamagitan ng pagtawag sa FEMA Helpline sa **1-800-621-3362.** Kung gumagamit ka ng relay service, ibigay sa FEMA ang iyong numero para sa serbisyong iyon. Available ang tulong sa maraming wika. Bukas ang mga linya sa Linggo–Sabado, mula 4 a.m.- 10 p.m. Oras sa Pasipiko.
- Sa **Sentro ng Pagbangon mula sa Kalamidad (Disaster Recovery Center, DRC)**. Bumisita sa DRC sa isa sa mga address sa ibaiba:
  - **UCLA Research Park West**<br>10850 West Pico Blvd.<br>Los Angeles, CA 90064<br>Bukas Lunes – Sabado: 9 a.m. hanggang 7 p.m.
  - **Altadena Disaster Recovery Center**<br>540 West Woodbury Rd.<br>Altadena, CA 91001<br>Bukas Lunes – Sabado: 9 a.m. hanggang 7 p.m.

Para sa isang American Sign Language (ASL) na video kung paano mag-apply, bisitahin ang Maa-Access Ang FEMA: Tatlong Paraan Para Magrehistro para sa Tulong ng FEMA sa Sakuna.

**Magsumite ng form na Karapatan sa Pagpasok sa LA County:**

- Kumpletuhin ang opt-in form online sa Permit sa Karapatang sa Pagpasok sa Los Angeles County para sa Pag-aalis ng Debris sa Pribadong Ari-arian.
- Mag-download at magkumpleto ng form: Permit sa Karapatan sa Pagpasok para sa Pag-aalis ng Debris(00011201.DOCX;1).
- Nang Personal. Mag-pick up ng form sa Disaster Recovery Center. Bisitahin ang DRC Locator  para humanap ng lokasyon.

**Mag-apply para sa Mababang-Interes na Pautang sa Kalamidad ng SBA**

- Mag-online sa **sba.gov/disaster**
- Sa pamamagitan ng pagtawag sa hotline ng Serbisyo para sa mga Kustomer ng SBA sa **800-659-2955.** Maaaring i-dial ng mga taong bingi, mahina ang pandinig o may kapansanan sa pagsasalita ang **711** upang ma-access ang mga serbisyo ng relay.
- Sa pamamagitan ng pag-email **DisasterCustomerService@sba.gov**
- Sa isang Disaster Recovery Center o **Business Recovery Center,** kung saan ka makakakapagsumite ng nakumpletong aplikasyon o puwede kang tulungan ng mga kinatawan ng SBA para mag-apply. Para humanap ng BRC na malapit sa iyo, pumunta sa **Appointment.sba.gov.**
- Ang mga aplikasyon para sa pautang sa kalamidad ay maaaring isumite online gamit ang MySBA Loan Portal sa https://lending.sba.gov o iba pang mga inihayag na lokal na lokasyon.

*Para sa pinakabagong impormasyon tungkol sa pagbangon ng California, pumunta sa fema.gov/disaster/4856. I-follow ang FEMA Region 9 @FEMARegion9 sa X o i-follow ang FEMA sa social media sa: FEMA Blog sa fema.gov, @FEMA o @FEMAEspanol sa X, FEMA o FEMA Espanol sa Facebook, @FEMA sa Instagram, at sa FEMA YouTube channel.*

*Nakatuon ang California sa pagsuporta sa mga residenteng naapektuhan ng Los Angeles Hurricane-Force Firestorm habang nasa proseso sila ng pagbangon. Pumunta sa CA.gov/LAFires para sa pinakabagong impormasyon tungkol sa mga disaster recovery program, mahahalagang deadline, at kung paano mag-apply para sa tulong.*